Nasasakupan ng FishCORAL ang **11 na mga look at golpo** sa mga rehiyon ng Bicol, Silangang Visayas, Caraga, at ARMM. Ang mga nasabing look at golpo ay matatagpuan sa **14 na probinsya** na may **103 munisipalidad o kabayanan** at **1,098 mga barangay** sa may baybaying dagat.

Nasa **188,000 pamilyang nakatira sa baybaying dagat** ang makikinabang sa proyektong ito, at sa naturang bilang, **91,000 ay mga nabubuhay sa pangingisda.**




1 RAGAY GULF
2 ALBAY GULF
3 ASID GULF

4 MAQUEDA BAY
5 MATARINAO BAY
6 LEYTE GULF
7 SILAGO-CABALIAN BAYS

8 BUTUAN BAY
9 LIANGA-HINATUAN BISLIG BAYS

10 ILLANA BAY
11 SULU SEA

**Central Office**

Project Support and Coordination Office (PSCO)
PCA Building, Elliptical Rd., Diliman,
Quezon City, Philippines
fishcoral.psco@gmail.com
Landline: (02) 441-1446 | Fax: (02) 453-3299

**Regional Project Management Offices (RPMOs)**

Rehiyon 5
BFAR 5, RFFC Compound, Fabrica, Bula, Camarines Sur
fishcoral.bicol@gmail.com


Rehiyon 8
Brgy. 77, Unit 4, 3rd Floor, JGC Financing Inc. Bldg.,
Marasbaras,Tacloban City
bfar8.fishcoral@gmail.com

Rehiyon 13
BFAR Compound, Sitio Tawilon, Brgy. Masao, Butuan City
bfar13.fishcoral@gmail.com

ARMM
BFAR-ARMM ORG Compound, Cotabato City
fishcoral.bfararmm@gmail.com

Facebook Account: Fishcoral DA-bfar
Facebook Page: FishCORAL Project

BFAR
IFAD
Investing in rural people



# Fisheries, Coastal Resources and Livelihood (FishCORAL) Project

## - FILIPINO -

# Ang FishCORAL Project

Ang Fisheries, Coastal Resources and Livelihood (FishCORAL) Project ay isang proyekto sa ilalim ng Kawanihan ng Pangisdaan at Yamang-Tubig / Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) na ipinatutupad mula taong 2016 hanggang taong 2020. Ito ay naglalayong maibaba ang antas ng kahirapan sa sektor ng pangingisda sa mga mahihirap na pamayanan sa rehiyon ng Bicol (Rehiyon 5), Silangang Visayas (Rehiyon 8), Caraga (Rehiyon 13), at Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM).

Sa pakikipagtulungan ng mga lokal na pamahalaan at pamayanan sa baybaying dagat, ang FishCORAL ang tutukoy at sisigurong mai-angat ang estado ng pamumuhay ng mga mangingisda sa pamamagitan nang maayos na pamamahala at pangangalaga sa mga yamang dagat at pagbibigay ng kaukulang suporta sa kanilang mga pamilya upang magkaroon ng alternatibong hanapbuhay.

Ang proyekto ay pinondohan ng International Fund for Agricultural Development (IFAD), ng gobyerno ng Pilipinas, at ng mga lokal na pamahalaan.







# Adhikain ng Proyekto

**Makatulong sa pagpapababa ng antas ng kahirapan sa mga nasasakupang pamayanan sa tabing-baybayin.**

# Layunin ng Pagpapaunlad

**Magkaroon ng karagdagang hanapbuhay ang mga nasasakupang pamayanan sa pamamagitan ng maayos na pamamahala ng mga yamang tubig.**

# Mga Pangunahing Bumubuo sa FishCORAL

**1. Coastal Resources Management (CRM)**

Ang FishCORAL, sa pamamagitan ng CRM, ay tutulong sa mga komunidad ng baybaying-dagat na mapamahalaan nang maayos ang kanilang mga pangisdaan at yamang tubig (coastal resources) na magbibigay ng kabuhayan para sa mga pamayanan. Ang Proyekto ay gagamitin ang Ecosystem Approach to Fisheries Management (EAFM) kung saan ang tao, kalikasan, at pamahalaan ay isinasangalang-alang sa pamamahala.

Kabilang sa mga pangunahing gawain ang:

- Pagbubuo at pagpapatupad ng mga ordinansa sa baybaying dagat, pangingisda ng lokal na pamahalaan, at mga plano ng CRM
- Pagbabakod ng mga munisipal na tubig na may angkop na ordinansa
- Pagbuo at pagpapalakas ng mga Bay Management Council (BMCs)
- Pagtatayo at pagpapanatili ng Bay Management and Multipurpose Building (BMMB) para sa mga BMC at mga watchtower para sa pwersa ng Bantay-Dagat
- Pagtatatag, pagrererehabilita, at pagbakod ng mga santuwaryo ng isda
- Pagpapatupad ng mga proyekto ng pagpapahusay ng iba't ibang uri ng lamang dagat
- Rehabilitasyon, pagpapanatili, at pangangalaga ng mga seagrass bed at mga bakawan







**2. Livelihood Development (LD)**

Ang suporta sa kabuhayan ay ipagkakaloob sa pamamagitan ng paghikayat sa mga mangingisda na magsanay sa alternatibong pinagkukunan ng kita maliban sa pagkuha ng isda – ito ay karagdagang suporta sa CRM. Ang LD ay pinalawig at naging Industriya ng Pangisdaan at Kalakaran / Fishing Industry and Trade (FIT) na naglalayong mapalago ang negosyo ng mga mangingisda at iba pang stakeholders sa pamamagitan ng enterprise development.

Kabilang sa mga pangunahing gawain ang:

- Pagpapalakas ng organisasyon kung saan ang mga Community Facilitators (CFs) sa lokal na antas ay magbibigay ng wastong tulong at suporta sa mga mangingisda at kababaihan upang ipanukala ang angkop at sustainable na kabuhayan sa kanilang mga pamayanan.
- Suporta para sa livelihood sub-project na kinabibilangan ng pagkultura ng isda / talaba / tahong, pagpapadami ng alimangong naninirahang sa putik, aquasilviculture, at pagpoproseso ng isda. Ang ibang uri ng kabuhayan ay pinahihintulutan kung ito ay hindi makasisira sa kapaligiran.

**3. Project Management and Coordination (PMC)**

Ang FishCORAL ay nakatutok sa pagpapabuti ng mga serbisyo sa sektor ng pangisdaan sa pamamagitan ng pagbibigay tulong sa mga opisyal at kawani sa nasyonal at rehiyonal na lebel sa pagpapatupad ng proyekto, pamamahala sa pananalapi, at koordinasyon ng institusyon.